



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 28, 1997, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HAPPY VALLEY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batices
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Macay, Jr.
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Raulito C. Bernal
Kagawad Honesto O. Taytay

KAPASYAHAN BLG. 030
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG HAPPY VALLEY AT SA MGA MAHAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan sa isang buwan ay nagdaroes ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang huling sesyon sa buwang ito ay ginanap sa Barangay Happy Valley ngayeng Abril 28, 1997;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Happy Valley, gayundin ng mga mamamayang nag-nanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa sangguniang bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Happy Valley at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Happy Valley sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong ngayeng Abril 28, 1997.

Handwritten signature in blue ink.

Handwritten signature in black ink.

DAHIL DITO SA Mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na sinangayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabat sa Sangguniang Barangay ng Happy Valley at sa mga mamamayan nito ang taupusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Abril 28, 1997.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Happy Valley at sa mga mamamayan nito ang taupusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa sangguniang bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Abril 28, 1997.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Happy Valley, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Carlos de Castro, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 28 Abril 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan

meru/